



Ingles, Tsino, Korean, Espanyol, Portuges, Tagalog, madaling Hapon  
 Matatagpuan ito sa HomePage ng Asosasyon (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>)  
 Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki (Pamublikong Kalakal)  
 211-0033 2-2 Kizuki Gionchō Nakahara-ku, Kawasaki- Shi, Kanagawa- ken  
 Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail : [kiankawasaki@kian.or.jp](mailto:kiankawasaki@kian.or.jp)

## Ika-30 Anibersaryo ng Palitang Multi-kultura Nangangailangan ng lalahok sa Entablado

Lugar : **Kawasaki International Center** Reception room  
 Gaganapin : **Oktubre 12 (Sabado) 13:00~16:30**

Oras ng Palabas : 1 grupo sa loob ng 20 minuto  
 Karapat-dapat : **Dayuhan** o di kaya **grupong may napapaloob na dayuhan.**  
 Programa : Sayaw, Kanta, pagaganap, talumpatian sa ipinagmamalaki ng inyong bansa **ay malayang mamili ng gustong iperform.**  
 Nangangailangan : **10** grupo (pagpipilian)  
 Katapusan ng tanggapan : Agosto 31 (Sabado)  
Pamamaraan ng patala at iba pang paliwanag ay tignan lamang ang HP

### Susunod na kurso at mga Ebento

Kurso • Ebento	Petsa	Pagdalo	Mga nilalaman
Para sa mga dayuhan. Masaya at kapaki-pakinabang na kurso sa wikang Hapon/2 semestre.  Umagang Kurso (Martes, Biyernes)   Gabing kurso (Miyerkoles)	<b>Pang-umagang Kurso</b> (9:50 - 11:50) Setyembre 17 - Disyembre 3  <b>Pang-gabi</b> (18:30 - 20:30) Setyembre 4 - Disyembre 11	(22 beses) 12,060yen bukod ang bayad ng libro  (15 beses) 8,210 Yen Bukod ang libro	Mula sa beginners hanggang Sa advanced level Mayroong 9 hanggang 10 klase o grupo. Ang kurso sa umaga ay nag-aalok din ng pangangalaga ng batang edad na 1 hanggang 5 taon. Tanggapan na ng aplikasyon. Magdala ng larawan (3x4 cm).
<b>Pang-Huling Kurso</b>  Ingles, Korean, Intsik, Espanyol	Naka-iskedyul ang pagbubukas sa unang bahagi ng Oktubre Ang pangangalap/pagtanggap ay magsisimula sa Agosto 20	Kinakailangan ang aplikasyon May bayad	<b>Kapasidad:</b> 25 estudyante sa bawat klase <b>Pamamaraan:</b> Balikang postcard Mangyaring tingnan ang Flyer/ HP para sa mga detalye!

# Tanggapan sa mga Dayuhang papasok sa Elementarya at Junyor hayskul sa syudad ng Kawasaki.



Sa Elementarya ay mga batang ipinanganak ng Abril 2, 2013 hanggang Abril 1, 2014

Sa magjuJunyor Hayskul ay mga batang inaasahang magtatapos sa elementarya sa Marso 2020.

Kung nakarehistro bilang isang residente ng Lungsod ng Kawasaki, makakatanggap ng mga dokumento na kinakailangan para sa patnubay at mga pamamaraan para sa pagpasok sa elementarya sa huli ng Setyembre.

Sa mga papasok sa elementarya sa Lungsod ng Kawasaki, mangyaring kumpletuhin ang mga kinakailangang pamamaraan sa nasasakupang munisipyo sa simula ng Oktubre kasama ang mga dokumentong kinakailangan (tulad ng application form para sa pagpasok sa paaralan, at ang address at dokumento na maaaring makumpirma ang edad ng inyong anak.).Sa papasukang paaralan sa elementarya ay may medikal na eksaminasyon na isasagawa sa bandang Nobyembre upang makapasok.

Ang impormasyon sa pagpasok ay ipapadala sa unang bahagi ng Disyembre para sa mga bagong tanggapan sa mga matataas na paaralan, at tsaka magsisimula ang tanggapan.

Ang Kawasaki International Center ay magsasagawa ng isang "Entrance Fair" o "Orientation" para sa mga anak ng dayuhan na papasok sa elementarya "at nakaplanong gawin ito sa unang bahagi ng Pebrero 2020. Ipapaliwanag dito ang tungkol sa paaralang elementarya ng Japan sa paraang madaling maunawaan. Mayroong taga-saling wika at paalagaan ng bata. **LIBRE !**

Aming ipapaalam kaagad sa oras na mapagpasyahan, aabisuhan namin kayo ng mga detalye sa pamamagitan ng mga flyers at HP. Abangan!

## Kapaki-pakinabang na Impormasyon !

### 「Kawasaki International Center

### Pandayuhang tanggapan ng Konsultasyon at Pagpapayo」

Mangyaring makipag-ugnay sa amin kung mayroon kayong anumang mga katanungan o alalahanin. (LIBRE)

• Oras ng Konsultasyon: 10:00~12:00, 13:00~16:00 TEL: 044-435-7000

Wika	Araw
Ingles	Lunes - Sabado
Portuges	Martes • Biyernes
Timog Korea/ Koreya	Martes • Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes • Miyerkoles • Biyernes
Espanyol	Martes • Miyerkoles
Tagalog	Martes • Miyerkoles

\* Libreng pulong ng konsultasyon sa administrative scriviner (Gyosei-shoshi)

(Ang konsultasyon ay nasa wikang Hapon, maaaring magsama ng sariling interpreter .Sa mga nais ng interpreter ay kinakailangan ang maagang abiso/reserbasyon. May bayad .)

• Petsa: Agosto 18 (Linggo), Setyembre 15 (Linggo) 14:00~16:00

• Lugar: Kawasaki International Center. 2F Conference room.

